



# 14 KATOTOHANAN

## Tungkol sa Pagboboto sa Pederal na Halalan

Mula sa pagpaparehistro para makaboto sa pamamagitan ng paghuhulog ng balota sa araw ng halalan, ang mga may alam na botante ay mga makapangyarihan na botante. Heto ang mga sagot sa 14 karaniwang mga tanong mula sa mga mamamayan tungkol sa botohan kapag halalang Pederal.



### Checklist ng Botant— Mga Dapat Gawin Bago ang Araw ng Halalan

- Kumpirmahin na kayo ay nakarehistro para makaboto ilang linggo pa lang bago ang araw ng halalan.
- I-update ang inyong pagpaparehistro kung nagbago ang inyong address, pangalan, o kinaaanibang politikal.
- Alamin kung paano at kailan mag-aapply para sa isang absentee ballot (balotang inihulog ng botanteng hindi makakadalo sa aktuwal na botohan) kung hindi kayo makakaboto sa inyong botohan sa araw ng halalan.
- Alamin ang inyong mga opsyon sa maagang pagboto.
- Alamin ang mga kahilingan para sa pagkikilala sa botante sa inyong Estado.
- Alamin ang botohan at kung paano makakarating doon.
- Alamin nang mabuti ang mga aparato sa pagboto na ginagamit sa inyong hurisdiksiyon. Alamin kung paano magagamit ang aparato ng mga botanteng may kapansanan.
- Alamin ang handang magamit na tulong sa mga wika bukod sa Ingles.
- Alamin kung anong oras nagbubukas at nagsasara ang halalan.
- Kilalanin nang maayos ang mga kandidato at ang mga isyu na nasa balota.
- Ikonsidera ang pagiging isang poll worker (manggagawa sa halalan) sa inyong komunidad. Tawagan ang inyong lokal na opisina ng halalan para lubos pang matutunan.

### TANDAAN



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga tiyak sa Estado na kahilingan at pagiging karapat-dapat, makipag-ugnayan sa inyong pang-Estado o lokal na tanggapan ng halalan o sumangguni sa National Mail Voter Registration Form. Tingnan ang *Voter's Resources* na seksyon sa katapusan ng gabay na ito para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan at iba pang mga impormasyon.

### 1 Karapat-dapat Ba Akong Bumoto?

Kayo ay karapat-dapat na bumoto kung—

- Kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos
- Kayo ay nakakatugon sa mga kahilingan upang maitakda ang pagkaresidente sa Estado.
- Kayo ay may edad na 18 taong gulang. Ang ilang mga Estado ay pinapahintulutan ang mga 17 taong gulang na bumoto sa primarya at/o magpaparehistro na bumoto kung sila ay may 18 taong gulang na bago ang general election.

### 2 Paano Ako Makakapag-parehistro para Makaboto?

Maaari ninyong pilin na mag-aapply para sa rehistrasyon ng botante sa pamamagitan ng koreo, nang personal, o online.

Sa pamamagitan ng Koreo

- I-download ang National Mail Voter Registration Form (NMVRF) mula sa <http://www.eac.gov/NVRA>. Maaari rin ninyong matagpuan ang NMVRF at ang mga State voter registration form sa mga aklatan, pampublikong paaralan, at mga tanggapan ng lungsod at county clerk.
- Kumpletuhin ang form at i-sumite ito sa pamamagitan ng koreo nang sinusundan ang mga tagubilin. Ang NMVRF ay may seksyon na tinatawag na "State Instructions" kung saan akalista ang mga kahilingan ayon sa bawat Estado.
- Sa North Dakota, Wyoming, at U.S. territories American Samoa, Guam, Puerto Rico, at U.S. Virgin Islands ay hindi tinatanggap ang NMVRF. Tinatanggap lang sa New Hampshire ang form kung hilingin n para sa mail-in voter registration form (dokumento para sa rehistrasyon ng botanteng maghuhulog ng balota sa koreo) ng absentee voter ng Estado.

Personal

Mag-aapply para makapagparehistro para makaboto sa—

- Pang-estado o lokal na tanggapan para sa rehistrasyon ng botante o tanggapan para sa halalan.
- Ang department of motor vehicles.
- Mga ahensya para sa pampublikong tulong.
- Mga recruitment center para sa armed services.
- Mga programa na pinopondohan ng estado na naglilingkod sa mga tao na may kapansanan.
- Anumang pampublikong pasilidad na itinalaga ng Estado bilang isang ahensya para sa rehistrasyon ng botante.

Online

- Para malaman kung naghahandog sa inyong Estado ng online na rehistrasyon ng botante, makipag-ugnayan sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan para sa halalan.

### 3 Kailan Ako Dapat Mag-parehistro para Makaboto?

Alamin ang huling araw na inaasahan ang rehistrasyon sa inyong Estado—

- I-access ng "State Instructions" na seksyon ng NMVRF, sa <http://www.eac.gov/NVRA>.
- Makipag-ugnayan sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan para sa halalan.
- Ang karamihan sa mga Estado ay may mga online tool kung saan ay maaari ninyong makita ang katayuan ng inyong rehistrasyon.

### TANDAAN



Makipag-ugnayan sa inyong pang-Estado o lokal na tanggapan para sa halalan ng kahit man lang 7 linggo bago ang isang halalan at alamin kung kayo ay nakarehistro para makaboto at ano ang dapat ninyong gawin kung hindi kayo nakarehistro. Ang maayos na pagtatanong bago ang huling araw na inaasahan ang rehistrasyon ay nagbibigay ng sapat na panahon para makapagparehistro.



## 4 Mayroon bang Mga Espesyal na Kahilingan para sa Unang Beses na Ako ay Boboto?

Kung kayo ay nagparehistro sa pamamagitan ng koreo, maaaring kailangan ninyong magpakita ng isang katibayan ng pagkakakilanlan sa unang beses na kayo ay bumoto. Ang katibayan ng pagkakakilanlan na ito ay kinabibilangan ng—

- Isang kasalukuyan at balidong ID na may litrato.
- Isang pinakabagong utility bill, bank statement, tseke na mula sa gobyerno, paycheck, o dokumento na ipinalabas ng gobyerno na ipinapakita ang inyong pangalan at address.

Maaaring hindi na ninyo kailangan magpakita ng katibayan sa pagkakakilanlan kung—

- Kayo ay nagbigay na ng mga kopya ng katibayan ng pagkakakilanlan kasama ng inyong voter registration form.
- Natugma ng inyong pang-estado o lokal na opisyal ng halalan ang numero ng driver's license o impormasyon ng Social Security sa inyong application sa isang rekord ng pagkakakilanlan ng Pederal o Estado na nakasaad ang parehong numero, pangalan, at petsa ng kapanganakan.
- Kayo ay may karapatan ayon sa batas Pederal na bumoto sa pamamagitan ng absentee ballot.

### TANDAAN



Kahit na natugunan ninyo ang katibayan ng pagkakakilanlan o proof-identification na kahilingan ng Pederal nang kayo ay nagparehistro, maaaring hilingin sa ilang mga Estado ang isang ID sa lugar ng botohan. Kung kayo ay karapat-dapat na bumoto ng provisional ballot (pansamantalang balota) kung wala kayong sapat na ID sa lugar ng botohan. Makipag-ugnayan sa inyong pang-Estado o lokal na tanggapan para sa halalan para sa karagdagang impormasyon.

## 5 Ano ang Early Voting o Maagang Pagboto?

Marahil ay mapahintulutan sa ilang mga Estado na bumoto kayo bago ang araw ng halalan sa—

- Tanggapan ng halalan ng hurisdiksyon
- Iba pang natalagang lugar ng botohan
- Isang drop site para sa balota.

### TANDAAN



Ang mga petsa at oras para sa maagang pagboto ay nag-iiba iba ayon sa mga Estado. Para sa impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan para sa halalan.

## 6 Ano ng Absentee Voting?

Kung hindi kayo makakapunta sa lugar ng trabaho sa araw ng halalan, maaari kayong maging kuwalipikado na bumoto sa pamamagitan ng absentee ballot.

- Pinapahintulutan sa ilang mga Estado na bumoto kayo gamit ang absentee ballot kung hindi kayo makakaboto sa lugar ng botohan sa dahilan na nabalangkas sa batas ng Estados, tulad ng sakit o pisikal na hindi naroroon sa hurisdiksyon ng ilang oras ng araw ng halalan.
- Ang ilang mga estado ay nagpapahintulot sa isang "no-excuse" na absentee voting, na pinapahintulutan ang sinumang karapat-dapat na mamamayan na bumoto gamit ang absentee ballot.
- Ang mga estado ay mayroon rin iba't ibang huling takdang araw para hilingin at mag-sumite ng mga absentee ballots. Makipag-ugnayan sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan para sa halalan.
- Kayo ay may karapatan ayon sa batas Pederal na bumoto gamit ang absentee ballot sa mga Pederal na halalan kung kayo ay nakakatugon sa mga kuwalipikasyon na nakabalangkas sa Voting Rights Act, Uniformed and Overseas Citizens Absentee Voting Act, at Voting Accessibility for the Elderly and Handicapped Act.

### TANDAAN



Makalipas na makuha na ninyo ang inyong absentee ballot (balotang inihulog ng botante) hindi makakadalo sa aktuwal na botohan, basahin nang mainam ang mga tagubilin. Ilagda ang inyong pangalan kung saan ito hilingin. Kung isasauli ninyo ang inyong absentee ballot sa pamamagitan ng koreo, tiyakin na maglagay ng sapat na selo para sa koreo sa sobrang ipinapadala.

## 7 Saan Ako Boboto—Saan ang Aking Lugar ng Botohan?

- Magtatalaga sa inyo ng isang lugar ng botohan batay sa address ng inyong tirahan sa inyong rekord ng rehistrasyon ng botante.
- Ang ilang mga Estado ay may ballot drop site sa halip na mga lugar ng botohan.

- Para malaman ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan o ballot drop site, makipag-ugnayan sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan ng halalan.

### TANDAAN



I-update ang inyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante tuwing lilipat kayo.

## 8 Ano ang Provisional Voting (Pansamantalang Pagboto)?

Kung ang inyong pagiging karapat-dapat na bumoto sa isang Pederal na halalan ay pinagdududahan, kailangan ay alukin kayo ng isang pansamantalang balota sa lugar ng botohan. Maaaring kabilang sa mga posibleng dahilang ang—

- Hindi makita ang inyong pangalan sa opisyal na listahan ng mga botante sa inyong lugar ng botohan.
- Paghahamon sa inyong pagiging karapat-dapat kung ito ay alinsunod sa batas ng Estado.
- Hindi kayo nagkaloob ng hinihiling na ID para magparehistro o sa lugar ng trabaho sa araw ng halalan.
- Isang kautusan ng korte na hinihiling ang mga provisional ballot (pansamantalang balota).
- Ang pagpapatagal sa mga oras ng bukas at sara ng lugar ng trabaho ayon sa kautusan ng korte.
- Pag-uutos ng batas ng Estado ang mga provisional ballot.

May karapatan kayo na bumoto ng isang provisional ballot kung ipinahayag ninyo na kayo ay karapat-dapat at nakarehistro para bumoto sa hurisdiksyon na iyon. Ang inyong provisional ballot ay bibilangin kung mapagpasyahan ng opisyal ng pang-estado o lokal na halalan na kayo ay karapat-dapat na magparehistro upang makaboto sa ilalim ng batas ng Estado.

### TANDAAN



Hinihiling sa ilalim ng batas Pederal na magkaloob ng "sistema ng libreng pag-access" sa pamamagitan ng isang toll-free na numero at/o Internet para matingnan ninyo ang katayuan ng inyong pansamantalang balota. Makipag-ugnayan sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan para sa halalan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa sistema ng Estado.

## 9 Paano Ako Makakaboto Kung Ako ay Isang Uniformed o Mamamayan na nasa Ibang Bansa?

Upang makarehistro para makaboto o humiling ng balota bilang miyembro ng militar o isang mamamayan na nasa ibang bansa, gamitin ang Federal Post Card Application (FPCA).

- Ang FPCA ay handang makuha sa <http://www.fvap.gov>.
- Ang Federal Voting Assistance Program (FVAP) Web portal ay naghahandog ng isang gabay na nakasaad ang bawat hakbang sa proseso ng rehistrasyon ng botante.
- Ang lahat ng mga Estado at teritoryo ay tumatanggap ng FPCA bilang isang sabay-sabay na application para sa rehistrasyon at kahilingan ng isang absentee ballot.
- Depende sa inyong tinitirahan na Estado, isauli ang nakumpletong FPCA sa pamamagitan ng e-mail, fax, o koreo.
- Ang mga na nalimbag na kopya ng FPCA ay handang makuha sa mga embahada ng Estados Unidos, mga military base, at ng mga tanggapan ng consular. Ang mga voting assistance officer sa mga site na iyon ay makakapagkaloob ng anumang impormasyon o tulong na maaaring kailangan ninyo para makumpleto ang form.
- Maaari rin ninyong hilingin ng elektronik na pagbibigay o pamamahagi ng mga blangko na materyales para sa pagboto.

### TANDAAN

Kung kailangan ninyo ng tulong sa absentee voting, bumisita sa <http://www.fvap.gov>, makipag-ugnayan sa FVAP sa (703) 588-1584 (toll free sa [800] 438-VOTE; handa rin matawagan ng toll free sa 70 mga bansa sa <http://www.fvap.gov/contact/tollfreephone.html>), o magpadala ng e-mail [vote@fvap.gov](mailto:vote@fvap.gov).

## 10 Madali Ba Akong Makakaboto kung Ako ay May Kapansanan?

Ang karamihan sa mga lugar ng botohan ay ginagawa para gawing madaling gamitin ang proseso ng pagboto sa lahat ng mga botante, kasama na ang mga botante na may kapansanan, sa pamamagitan ng pagsama ng—

### TANDAAN

Kung may mga katanungan kayo tungkol sa kadahilan na magamit ng inyong lugar ng botohan o kagamitan sa pagboto, makipag-ugnayan sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan para sa halalan.

- Malinaw na namarkahang mga paradahan.
- Mga pasukan o entrance na may rampa.
- Mainam na markahan na mga ruta at karatula ng mga lokasyon ng botohan.
- Ang kagamitan sa pagboto na madaling magamit ng mga indibiduwal na may kapansanan, kasama na ang mga bulag at may kapansanan o kahinaan sa paningin.

## 11 Nagkakaloob ba ng Tulong sa Wika?

Hinihiling sa ilalim ng Voting Rights Act sa ilang mga hurisdiksyon na magkaloob ng mga materyales sa pagboto sa ibang wika maliban sa Ingles. Ang ibang mga hurisdiksyon ay kusang naghahandog ng nasabing tulong. Ang tulong sa wika ay maaaring kabilang ang—

- Pagkakabit o paglalagay sa mga lugar ng botohan ng mga balota at tagubilin sa pagboto sa ibang mga wika.
- Ang paglalagay ng mga tauhan sa mga lugar ng botohan ng mga poll worker na bilingual.
- Ang pagkaloob ng impormasyon sa pagboto online sa mga wika maliban sa Ingles.

Makipag-ugnayan sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan para sa halalan para lubos na matutunan ang tungkol sa mga tulong sa wika sa inyong lugar.

### TANDAAN

Ang Website ng U.S. Election Assistance Commission ay nagkaloob ng impormasyon para sa botante sa mga wikang Ingles, Chinese, Japanese, Korean, Spanish, Tagalog, at Vietnamese. Ang National Mail Voter Registration Form ay handa rin makuha doon sa nabanggit na pitong wika na iyon. Ang gabay na ito ay handang makuha sa Ingles, Cherokee, Chinese, Dakota, Japanese, Korean, Navajo, Spanish, Tagalog, Vietnamese, at Yup'ik.

## 12 Maaari Ba Akong Humiling ng Tulong sa Pagboto?

Sa ilalim ng Batas Pederal, maaari kayong magdala ng isang kasama para tulongan kayo sa pagboto sa kadahilanan ng—

- Pagkabalug.
  - Kapansanan.
  - Kakulangan ng kakayahan na magbasa o magsulat.
- Ayon sa batas Pederal, ipinagbabawal mula sa inyo na tumanggap ng tulong sa pagboto mula sa inyong employer o sa ahente ng inyong employer, o mula sa isang opisyal o ahente ng unyon ng mga botante. Ang poll worker ay maaaring magkaloob ng tulong sa pagboto sa—
- Mga botante sa unang pagkakataon.
  - Mga botante na may kapansanan.
  - Mga botante sa lugar ng botohan na may bagong kagamitan sa pagboto.

### TANDAAN

Ang ilang mga Estado ay naghahandog ng "curbside voting" (sanhi ng kapansanan o edad ang botante ay maaaring bumoto sa gilid ng botohan) na kung saan dadalhin ng isang poll worker ang lahat ng mga materyal sa pagboto sa inyong kotse kung hindi ninyo makakayanan na bumaba mula sa inyong kotse. Tiyakin sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan para sa halalan para malaman kung ang curbside voting ay handang magamit sa inyong hurisdiksyon at para sa karagdagang mga kondisyon tungkol sa tulong sa pagboto.

## 13 Paano Ko Mauulat ang isang Problema o Magsasampa ng isang Reklamo?

Kung kayo ay nakaranas ng problema sa lugar ng botohan o sa mga pamamaraan sa pagboto sa inyong hurisdiksyon—

- Makipag-ugnayan sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan para sa halalan para makakuha ng impormasyon sa mga pamamaraan ng pagsasampa ng reklamo.
- Magrehistro ng isang reklamo sa U.S. Department of Justice sa (800) 253-3931 o sa [voting.section@usdoj.gov](mailto:voting.section@usdoj.gov).

### 14 Paano Ako Maaaring Maging Isang Poll Worker?

Ang mga poll worker ay mahalaga sa pagtitiyak ng isang maayos, patas at wastong halalan. Mga Poll worker—

- Pag-aayos ng kagamitan sa pagboto.
- Pagpapatotoo sa mga rehistrasyon ng botante.
- Nagkakaloob sa mga botante ng angkop na balota o tinuturuan sila sa paggamit ng mga sistema sa pagboto.
- Isinasara ang lugar ng botohan sa pagtatapos ng araw.
- Inihahanda ang mga materyales sa pagboto para maihatid sa sentral na tanggapan para sa halalan.
- Isinusumite ang mga resulta ng lugar ng botohan.

Para maging isang poll worker, karaniwan ay kailangang nakarehistro kayo para makaboto sa county o Estado kung saan nais ninyong maglingkod. Gayunman, sa ilang mga Estado, pinapahintulutan ang mga estudyante sa kolehiyo at high school na magtrabaho sa mga poll na malapit sa kanilang paaralan, kahit na hindi sila naka-rehistro na bumoto sa hurisdiksyon na iyon. Upang lubos pang malaman kung paano maging isang poll worker, makipag-ugnayan sa inyong pang-estado o lokal na tanggapan para sa halalan.

### Tungkol sa Election Assistance Commission (EAC) ng Estados Unidos

Ang Election Assistance Commission (EAC) ng Estados Unidos ay isang independiyenteng bipartisan na komisyon na ginawa ng Help America Vote Act of 2002 (HAVA). Ang EAC ang namamahala sa pagbabayad sa mga estado, nagpapatupad ng mga gabay para sa sistema ng boluntaryong pagboto, nagbibigay kapangyarihan sa mga laboratoryo para sa pagsusubok ng mga sistema ng pagboto at pagbibigay sertipikasyon sa mga kagamitan para sa pagboto, pinapangasiwaan ang National Voter Registration form, nagsasagawa ng pananaliksik para makalikom ng data hinggil sa botohan at pinapangasiwaan ang isang pambansang clearinghouse para sa mga impormasyon patukoy sa mga pamamalacad sa halalan.

### Mga Mapagkukuhanan ng tulong ng Mga Botante

**U.S. ELECTION ASSISTANCE COMMISSION:** Isang malawakang dulugan ng impormasyon sa mga proseso ng Pederal na halalan. Ang mga mamamayan ay maaaring magparehistro para makaboto sa pamamagitan ng pag-download ng the National Mail Voter Registration Form mula sa website ng EAC. (866) 747-1471 <http://www.eac.gov>

**FEDERAL VOTING ASSISTANCE PROGRAM:** Ang mga mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon sa pagboto ng mga uniformed service member (mga miyembro ng sandatahan o militar) at mga mamamayan na nasa ibang bansa, kasama na ang Federal Post Card Application, ang voter registration form para sa mga mamamayan na nakatira sa ibang bansa. (800) 438-8683 <http://www.fvap.gov>

**U.S. DEPARTMENT OF JUSTICE:** Impormasyon tungkol sa mga batas ukol sa karapatan sa pagboto sa bansa. Para makapag-ulat ng mga problema na may kinalaman sa pag-gamit o pagkuha ng balota, kasama na ang diskriminasyon laban sa botante, tumawag sa Voting Section sa (800) 253-3931. Para sa paniliinlang o pananakot sa botante, tumawag sa pinakamalapit na tanggapan ng Federal Bureau of Investigation o sa inyong lokal na U.S. Attorney's Office. Maaari rin kayong magsampa ng reklamo sa inyong pang-estado o lokal na opisyal sa halalan. (800) 253-3931 <http://www.usdoj.gov>

**FEDERAL ELECTION COMMISSION:** Isang clearinghouse ng impormasyon sa pananalapi sa pagkampanya ng Pederal. (800) 424-9530 <http://www.fec.gov>

### State Election Office na Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

hanggang sa petsa na Agosto 1, 2014

ALABAMA  
(800) 274-8683  
<http://www.sos.state.al.us/elections>

COLORADO  
(303) 894-2200  
<http://www.elections.colorado.gov>

ALASKA  
(907) 465-4611  
<http://www.elections.alaska.gov>

CONNECTICUT  
(860) 509-6100  
<http://www.ct.gov/sots>

AMERICAN SAMOA  
(684) 699-3570  
<http://www.americansamoelectionoffice.org>

DELAWARE  
(302) 739-4277  
<http://www.elections.delaware.gov>

ARIZONA  
(602) 542-8683  
<http://www.azsos.gov/election>

DISTRICT OF COLUMBIA  
(866) DC-VOTES  
<http://www.dcboee.org>

ARKANSAS  
(800) 482-1127  
<http://www.sosweb.state.ar.us/elections>

FLORIDA  
(866) 308-6739  
<http://election.dos.state.fl.us>

CALIFORNIA  
(800) 345-VOTE  
<http://www.sos.ca.gov/elections>

GEORGIA  
(404) 656-2871  
<http://www.sos.ga.gov/elections>



Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa Tanggapan ng Halalan ng Estado (ipinagpatuloy)

GUAM  
(671) 477-9791  
<http://guamelection.org/>

HAWAII  
(808) 453-8683  
<http://hawaii.gov/elections>

IDAHO  
(208) 334-2852  
<http://www.idahovotes.gov>

ILLINOIS  
(217) 782-4141 (Springfield)  
(312) 814-6440 (Chicago)  
<http://www.elections.state.il.us>

INDIANA  
(317) 232-3939  
<http://www.in.gov/sos/elections>

IOWA  
(888) 767-8683  
<http://www.sos.state.ia.us/elections>

KANSAS  
(800) 262-8683  
<http://www.kssos.org/elections/elections.html>

KENTUCKY  
(502) 564-3490  
<http://www.elect.ky.gov>

LOUISIANA  
(800) 883-2805  
<http://www.geauxvote.com>

MAINE  
(207) 624-7736  
<http://www.maine.gov/sos/cec/elec>

MARYLAND  
(800) 222-8683  
<http://www.elections.state.md.us>

MASSACHUSETTS  
(800) 462-8683  
<http://www.sec.state.ma.us/ele/eleidx.htm>

MICHIGAN  
(517) 373-2540  
<http://www.michigan.gov/vote>

MINNESOTA  
(877) 600-8683  
<http://www.sos.state.mn.us>

MISSISSIPPI  
(800) 829-6786  
<http://www.sos.ms.gov/elections.aspx>

MISSOURI  
(800) 669-8683  
<http://www.sos.mo.gov/elections>

MONTANA  
(888) 884-8683  
<http://sos.mt.gov/elections>

NEBRASKA  
(402) 471-2555  
<http://www.sos.ne.gov>

NEVADA  
(775) 684-5705  
<http://nvsos.gov/index.aspx?page=3>

NEW HAMPSHIRE  
(603) 271-3242  
<http://sos.nh.gov/Elections.aspx>

NEW JERSEY  
(609) 292-3760  
<http://www.njelections.org>

NEW MEXICO  
(800) 477-3632  
<http://www.sos.state.nm.us>

NEW YORK  
(800) 367-8683  
<http://www.elections.ny.gov/>

NORTH CAROLINA  
(866) 522-4723  
<http://www.sboe.state.nc.us>

NORTH DAKOTA  
(800) 352-0867  
<http://www.nd.gov/sos/electvote>

OHIO  
(877) 767-6446  
<http://www.sos.state.oh.us/sos/elections.aspx>

OKLAHOMA  
(405) 521-2391  
<http://www.ok.gov/~elections>

OREGON  
(503) 986-1518  
<http://www.sos.state.or.us/elections>

PENNSYLVANIA  
(877) 868-3772  
<http://www.votespa.com>

PUERTO RICO  
(787) 777-8682  
<http://www.ceepur.org>

RHODE ISLAND  
(401) 222-2345  
<http://www.elections.state.ri.us>

SOUTH CAROLINA  
(803) 734-9060  
<http://www.scvotes.org>

SOUTH DAKOTA  
(605) 773-3537  
<http://www.sdsos.gov>

TENNESSEE  
(877) 850-4959  
<http://www.tennessee.gov/sos/election>

TEXAS  
(800) 252-8683  
<http://www.sos.state.tx.us/elections>

U.S. VIRGIN ISLANDS  
(340) 773-1021 (St. Croix)  
(340) 776-6535 (St. John)  
(340) 774-3107 (St. Thomas)  
<http://www.vivote.gov>

UTAH  
(800) 995-8683  
<http://elections.utah.gov/>

VERMONT  
(802) 828-2464  
<http://vermont-elections.org>

VIRGINIA  
(800) 552-9745  
<http://www.sbe.virginia.gov>

WASHINGTON  
(800) 448-4881  
<http://www.secstate.wa.gov/elections>

WEST VIRGINIA  
(866) 767-8683  
<http://www.sos.wv.gov/elections>

WISCONSIN  
(866) 868-3947  
<http://gab.wi.gov>

WYOMING  
(307) 777-5860  
<http://soswy.state.wy.us/elections/elections.aspx>

